

**RESOLUSYON BLG. 20-112**

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA,  
NA NAGPAPATIBAY NG PANG-EMERHENSIYANG KAUTUSAN SA ILALIM  
NG EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE  
TUNGKOL SA COVID-19 NA KAUGNAY SA MGA BANQUET HALL; AT PARA  
SA MGA KAUGNAY AT NAAYON SA BATAS NA MGA LAYUNIN**

**Samantalang**, ang internasyonal, nasyonal, estado, at lokal na pangkalusugan at mga pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID -19), isang malubhang sakit sa paghinga sanhi ng isang bagong coronavirus. Ang sintomas ng virus ay may kasamang lagnat, ubo, at kakapusan sa paghinga, at ang mga nahawaang mga tao ay nakakaranas ng iba'ibang pakiramdam, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang karamdaman at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19, at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ng Department of Public Health ay nagdeklara ng lokal at pampublikong emerhensiyang pangkalusugan bilang tugon sa pagtaas ng pagkalat ng coronavirus sa buong bansa; at ipinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ang Resolusyon Blg. 20-29 na ayon sa mga kautusang Safer at Home ng County, na nagsasara ng lahat ng dine-in na serbisyo sa mga restawran, maliban sa delivery at take-out; at

**Samantalang**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang isang pambansang emerhensiya at ipinahayag na ang pamahalaang pederal ay gagawa ng pondong pang-emerhensiya upang matulungan ang estado at ang mga lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 16, 2020, Ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, ayon sa Municipal Code ng Glendale Kabanata 2.84, ay nagdeklara ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at pinagtibay ang Resolusyon Blg. 20-29 na naayon sa kautusang Safer at Home ng County, na nagsasara ng mga sebisiyong dine-in at mga restawran;

**Samantalang**, noong Mayo 15, 2020, ang Resolusyon Blg. 20-29 ng Glendale – ukol sa mga restawran, mga bar, mga nightclub, atbp – ay nawalang bias at ang nabanggit na mga negosyo at gawain ay patuloy na pinangangasiwaan sa ilalim ng mga kautusang Safer at Home ng County.

**Samantalang**, noon o sa panahong malapit sa Mayo 26, 2020 ay inamendahan ang mga Kautusang Safer at Home upang pahintulutan ang parsiyal na pagbubukas muli ng mga restawran para sa dine-in at ng mga tindahang retail para sa in-store na pamimili kung susunod sa ilang mga protokol ng county;

**Samantalang**, noong Mayo 29, 2020, ayon sa mga pag-aadjust sa kautusang Safer at Home ng County ng Los Angeles, ang Resolusyon Blg. 20-29 ay parsiyal na kinansela at ang mga restawran ay pinahintulutang magbigay ng etrbisyong dine-in kung nasusunod ang ilang tukoy na mga protokol ng County bagama't ang mas malalaking pagtitipon sa mga banquet hall ay mananatiling sarado o

hindi pinahihintulutan;

**Samantalang**, noong Hulyo 1, 2020, ipinag-utos ni Gobernador Gavin Newsom ng California ang pangalawang shutdown ng mga restawran at mga indoor na negosyo sa mahigit sa 19 na county na nagpakita ng pagtaas sa dami ng kasong coronavirus, na kinabilangan ng County ng Los Angeles, na ipinag-utos rin ng Health Officer ng County ng Los Angeles;

**Samantalang**, nananatiling mataas ang posibilidad na magkaroon ng malaking pagtaas sa dami ng kaso ng pagkakahawa-hawa sa komunidad, kung saan ang mga taong maaaring may Covid virus na hindi nagpapakita ng sintomas o may kaunting sintomas lamang at walang kaalamang sila ay may virus at nakapanghahawa nito, at sa kadahilanang ito ay ipinagbabawal pa rin ng County ng Los Angeles ang mga pagtitipon o social gatherings sa county;

**Samantalang**, ang Lungsod ng Glendale ay gumagawa ng mga hakbang upang magbigay ng direktang tulong sa lokal na ekonomiya bilang tugon sa pangkabuhayang epekto ng COVID-19 at nagsasaalang-alang ng mga paraan kung paano masusuportahan ang mga lokal na negosyo, kabilang ang mga rekomendasyong magpatupad ng Al Fresco dining para sa mga banquet hall;

**Samantalang**, ang mga pampublikong kautusang pangkalusugan ay lubhang nakahadlang sa mga ilang gawaing pangkabuhayan kabilang ang pagbubukas at paggamit ng mga banquet hall sa Lungsod;

**Samantalang**, ang pagbibigay ng pansamantalang pahintulot sa mga banquet halls na hindi nagagamit na gawin o magsilbing restawran sa kondisyong may pagsunod sa mga pampublikong kautusan at protokol na pangkalusugan; at

**Samantalang**, sa bisa ng ipinagkaloob na awtoridad ayon sa Kabanata 2.84 ng Municipal Code ng Glendale, ang Direktor ng Emerhensiyang mga Serbisyo ay nagdeklara ng emerhensiyang pampublikong kautusan upang suportahan ang mga lokal na negosyo;

#### **IPINAGTITIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSIYON 1. Ang Emerhensiyang Pampublikong Kautusan Blg. 11 ay pinagtibay at patuloy na ipatutupad hanggang Disyembre 31, 2020.

A. Para sa mga banquet hall, na nangangahulugan sa ilalim ng Glendale Municipal Code seksiyon 30.70.308, ng pagbabago sa paraan ng pagpapatakbo ng operasyon bilang tugon sa COVID-19 at i-require ang pansamantalang sertipikasyon ng occupancy permit upang mapangyari ang mga pagbabago sa pagpapatakbo ng banquet hall na magsilbing restawran, kung saan ang permit fee ay hindi sisingilin para sa pansamantalang gamit ayon sa pansamantalang certificate of occupancy:

- **Pansamantalang Certificate of Occupancy Permit- Kailangan para sa mga hiling na pansamantalang baguhin ang patakbo ng negosyo mula bilang isang banquet hall na magsilbing restawran:** Ang pinakamababang singil ay \$166 kada oras. Ang kalimitang haba ng oras na sinisingil ay 3.5. Ang singil ay hindi ilalapat o waived para sa mga banquet hall na mag-aapply ng waiver dahil sa mga epektong kaugnay sa COVID-19.
- Ang waiver ay may bisa hanggang Disyembre 30, 2020.

Ang Kautusang ito ay hindi nangangahulugan ng pagpapahintulot sa anumang negosyo o

sinumang indibidwal na magpatakbo ng banquet hall o restawran sa paraang labag sa mga kautusang pampublikong pangkalusugan o mga protokol ng Estado ng California, ng Los Angeles County Public Health Officer, at ng Lungsod ng Glendale, kabilang ngunit hindi nalilimita sa mga pagtitipon, indoor dining, social distancing at pagtatakip sa mukha.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng kautusang ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang naturang pagpapawalang bisa ay hindi makakaapekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon ng kautusan o ang Resolusyong ito na maaaring bigyang bisa kahit na wala ang pinawalang bisang probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito bawat kataga, seksiyon, pangungusap, o salita ay idineklarang maaaring tanggalin.


SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa kautusang ito ay maaaring ipagbigay alam sa Opisina ng City Attorney para sa paglilitis ayon sa Municipal Code 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa ng hindi hihigit sa \$1,000.00 o pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na buwan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad sa pamamagitan ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagbibigay, kasama ng ibang mekanismo ng pagpapatupad na inilatag dito, para sa multanga \$400.00 para sa unang paglabag, \$1,000.00 para sa pangalawang paglabag at \$2,000.00 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang kautusang ito ay hindi pumapalit sa ibang mas mahigpit na limitasyong ipinatupad ng Los Angeles County o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ika-21 ng Hulyo 2020.

  
Major


ATTEST:

  
City Clerk


ESTADO NG CALIFORNIA )  
COUNTY NG LOS ANGELES ) SS.  
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Blg. 20-112 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-21 ng Hulyo 2020 at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian  
Hindi: Wala  
Hindi Dumalo: Wala  
Hindi Bumoto: Wala

  
City Clerk

APPROVED AS TO FORM

  
CITY ATTORNEY  
DATE 7/21/2020